

Sa Kabilang Lupalop ng Mahiwagang Kaharian
(Alay kay Federico Garcia Lorca)

- A Synopsis -

Written by a speaker of Filipino as a fourth language, *Sa Kabilang Lupalop ng Mahiwagang Kaharian* is a fictionalized travel narrative witnessed first-hand. The narrator, on the way home from Spain one Christmas, lands in Jeddah airport as a transit passenger. While waiting at the pre-departure lounge, a tragic tableau happens before his very eyes. Most of the passengers are OCWs who have completed their two-year contracts, eager to celebrate with their families once more. From among the queuing mill enter a party of three women, one visibly upset. Perlita (as we know her name later) hesitates to leave the country, but her two other friends insist that everything is all right. They are all going home to spend the holidays back home. A disturbed and tearful Perlita says a mouthful, and from her slowly unfolding story (and from the assurances of the two friends) we learn that she has spent some time in a Saudi prison. Once aboard, the loud eerie monologue reaches a climax when she announces the ugly truth behind her imprisonment. Incoherent and obviously in great mental anguish, Perlita becomes the protagonist of her own psychological drama. Consequently, the other waiting passengers become her captive audience, although very much themselves disturbed and unwilling to hear their compatriot's harrowing narrative. Since Perlita's now-psychotic babbling is too much for everyone to bear, the friends decide to take a pragmatic course of action; hand-in-glove with the airline crew, they medically sedate her throughout the flight.

Behind the apparent simplicity of the plot lies a host of disturbing questions: what role does the state have in sending its most vulnerable members so that its economy continues to float along as a result of its overseas workers' remittances? How does the construction of an imagined nation benefit only the few and leave the rest ravaged and scarred? What inequities are brought about by the culturally-sanctioned social constructs of gender vis-à-vis work that is available abroad? If found that the state has been derelict in its duty, what recourse can its citizens pursue? The story, in interspersing lines from Federico Garcia Lorca's *The House of Bernarda Alba*, brings to light the role of women and their collective agency despite the burdensome and grossly unjust strictures imposed on them by the imagined state and its tacitly consenting culture.

If the short story has quite a perceptible Visayan "lilit", it is because the author himself is one and agrees quite strongly with how the national language's constitutional founders envisioned it to be – a drawing together of the various Philippine languages, Filipino with a capital F.

Sa Kabilang Lupalop ng Mahiwagang Kaharian

(Alay kay Federico Garcia Lorca)

Hindi mapakali ang tatlo nang pumasok sa bulwagan. Ang nasa gitna, na may mukhang pinapasan ang mundo, atubiling lumakad, hinihila ng dalawang nasa piling niya. Ang babaeng nasa kaliwa asiwang dinala ang kanyang asul na maleta, at ang nasa kanan naman may binubunat na rosang kumot (isang *comforter* sa klimang ito?). Hinihila ng dalawa parang lumakad pang mas mabilis ang nasa gitna, isang babaeng de-oksinada ang buhok na may korteng Twiggy, nguni't may katabaan naman ang katawan. Tumalon pa ng eskalante sa bago nang lahat na damit na sinusuot nila – katas Saudi, wika nga ng mga kababayan nating nagsipalaran doon. Si Miss Oksinada naka-*sleeveless* ang blusa, kulay-ubeng may sumisidlak na bituing ginto sa kuwleyo at dulo at naka-D&G *black leather jeans* na hindi naman tama ang sukat sa kanyang bigating hita. May daladalang Kleenex si Miss Kaliwa, pinapahid ang daloy ng luha at pawis ni Miss Oksinada. Gayundin man si Mrs. Kanan, na may de-kolor na panyong kanyang nililipul tila isang nanay sa kanyang sanggol. Paminsan-minsa'y huminto si Miss Oksinada, tulak naman nang tulak ang dalawa. Naiilang ang dalawa, ilang na mapasa-alanganin ang daloy ng pasaherong unti-unting pumasok sa *pre-departure lounge* ng *Jeddah international airport*.

Isang malaking mama ang sumunod sa tatlo, hinuhuni nang mapayapa ang “Pasko Na, Sinta Ko.” Ito ay may dalang *stereo component*. Lahat ng mga pasahero – mabibilang lang sa isang kamay ang hindi natin kababayan - may

bitbit na kung anu-anumang gamit-pambahay, parang, kundi lamang bago ang mga ito, mga biktima ng sunog, hinahakot ang lahat na maaaring hakutin. May isang binatilyong mahabang buhok na may dalang Apple Mac, ang kahon nito’y kasing-puti ng dalawang kartong sigarilyong Hapon na binibitbit sa kaliwa. May isa pang may dalang Gibson *electric guitar*, tinutugtog, nguni’t wala namang tunog ang maririnig. Kundi sa tatlo, masayang-masaya ang bulawagan, puno ng ligaya dulot ng kapanahunang yaon. Kahit pa ma’y Muslim ang kaharian ng Saudi, naririnig sa mga *airport speakers* ang Pamaskong musika. Isipin mo na lang na dalawang taon din ang inihandog ng mga ito, bilang bilanggo sa isang kulturang dayuhan at sa daming ipinagbabawal. Kahit na sari-sari pa mang punto ng Tagalog ang maririnig doon, isa lang ang mensaheng nababasa sa kanilang mukha – sa wakas!

Kaginsa-ginsa’y walang babala, umiyak nang matunog si Miss Oksinada, parang tubig ng bahang nakakatakot ang unos.

“Dapat ako’y hindi umalis! Dapat ako’y hindi umalis! Hindi ko alam kung anong mangyayari sa akin sa Pinas! Paano na lang ako? Hindi ako maaring umalis. Bilang-awa nyo na lang, iwanan nyo na po ako rito!”

“Ssst, ssst, Perlita, tama na, tama na, okay pa lang naman tayo rito”, banayad na wika ni Miss Kaliwa.

“Heto, may Kleenex pa, Perls,” sabi ni Mrs. Kanan. “At huwag ka nang umingay, baka maririnig pa tayo ng lahat, nakakahiya, eh.”

“Tatanggapin pa kaya nila ako? Tatanggapin pa?” unti-unting lumaking boses ni Perlita.

“Ssst, ssst, Perls, tatanggapin ka; bayan natin iyon, sigurado akong tatanggapin ka nila.... ah, pamilya mo iyun eh,” tiniyak ni Mrs. Kanan.

“Hindi, ‘di na nila ako tatanggapin. Tatalikdan ako ng buong Catbalogan!”

“Perlita, makinig ka sa akin, akong inay mo sa dalawang taong ito. Perls, masdan mo ako, bilang nanay mo. Huwag ka nang maingay at kami’y nandito pa rin sa piling mo.”

“Tiyak akong hindi na nila akong tatanggapin pa muli. Para akong asong-askal na wala nang patutuluyan, walang pakinabang, walang dangal!”

“Ssst, tama na Perls,” sabi ng mamang nasa likod nila.

“Lahat kayong nandito sa bulwagang ito, tatanggapin pa kaya nila ako?” tumindig ang babae, umiyak na tiyak nagpaparinig sa kalahating panig ng *lounge*. Wala namang kinausap nito, nguni’t pinagmasdan ng dalawang nagbabagang mata ang palibot. Lumingon na ang lahat sa apat na katauhang nakaupo sa likod, tinatanong sa sarili kung anong nangyari.

“Perlita,” sabi ni Mr. Mama, “uuwi na tayong lahat sa Maynila at magdiwang ng Pasko. Dapat masaya tayong lahat, dalawang taon din pa namang pinaghirapan natin dito. Kaya, huminto ka nang umiyak.”

Tumayo si Mr. Mama, humarap kay Perlita, tiningan ang mata ng babae, nilagay ang dalawang kamay sa balikat niya, at naki-usap.

“Perlita, kung anuman ang nangyari, wala na tayong magagawa pa. Nangyari na ang nangyari, subali’t tayo’y uuwi na ngayon. Dapat lang

ipagdiriwang natin ang panahong ito, sa bayan natin, at lumigaya muli. Hindi ba sabik tayong lahat mamaskuhan sa atin pagkatapos ng dalawang taon?”

Tumahimik si Perlita ng ilang saglit, tila humari ang takot nang marinig ang boses ng lalaki, boses na puno ng kapangyarihan. Sa isang saglit din, dumilat ang mata nito, niranang ang munting sindak, kahit kaibigan pa man ito, at kilalang-kilala.

Tumayo si Mrs. Kanan at umalok ng isang basong gatas na mainit kay Perlita. Tinanggap nito at humigop. Sa plastik na upuan, hinawakan ni Miss Kaliwa ang kaliwang kamay ni Perlita, alok nang alok ng Kleenex. Dumulas ang plastik na baso, lumigwak sa sahig, at pinunas naman ni Miss Kaliwa. Pagakatapos niyang nilinis, humarap ito kay Perlita, hinakawan ang balikat sabay haplos ng mukha, tiniyak na ang kaibigan niya’y walang panahong tumakas sapagka’t sa isip niya, muntik na itong maging *inmate* sa Mandaluyong. Samantala, umalis si Mr. Mama at pumunta sa *drinks dispenser* sa kanto ng bulwagan at pumindot ng tatlong malamig na delatang kape. Inilahok ito sa tatlong babae, nguni’t sa kaliwang kamay niya’y hawak ang isang serbesa. Kahit pa ma’y ipinagbawal ang anumang uri ng alak sa Saudi, nakikita din ito sa malalaking hotel, paliparan at emisaryo ng iilang embahada, nguni’t binebenta lamang sa mga banyaga, tulad ng mga Filipino.

Sa mga sandaling yaon, huminto ang musikang nanggaling sa *speaker* at sa kapalit nito’y humalili ang banayad na boses ng isang babaeng banyaga, nagpaunawa ng *pre-boarding announcement*. Di malaman kung saang lupalop ng mundo ang punto ng kanayang Inggles, nguni’t malinaw namang unawain.

Wika nitong pumila ng dalawa, mauna iyong mga taong may tiket sa may bandang-likod ng eroplano, huli na yong nasa unahan. Isang Dr. Rodriguez Policarpio ay inanyayang pumunta sa *counter* ng *airline office*. Binanggit ito ng tatlong beses. Nang marinig ng mga pasahero ang anunsyo, tumindig ang pangkat, para bagang lahat sila'y nanalo ng swipsteyk, o kaya'y umiral ang takot na sila'y hindi kumasya sa abyon. Sabik na sabik nang umuwi ang mga ito, nguni't kung iispin mo, wala namang mauuna o kaya'y mahuhuli – lalampag din sila sa Bangkok, ang *stopover*, at sa NAIA, ang katapusang destinasyon. Pitong oras ang byaheng Bangkok, at tatlo pa pa-Maynila, samakatuwid labing-isang oras lahat, bilang na doon ang isang oras na *fuel stop* sa kaharian ng Tilandya. Sa mala-palengkengkeng bulwagan, iilang pasahero ang makikita mong iniriset ang kanilang mga relo de pulso, anim na oras na pa-abante, pero kung titingnan mo nang maigi, hindi ito ang dahilan kung bakit nilipat ng mga nito ang oras. Ibig lang nilang ipakita sa madla ang kanilang bagong Rolex o Philippe Patek, na may kumukutitap na diyamantitos.

Magkabilang panig ang pangkat ng pasahero, parang Linggo sa Luneta, kulang na lang ng *cotton candy*, lobo't kabataan. Bunga ito, hindi sa dami nila (tila 250 katao), kundi sa dami ng kanilang dinadala't binibitbit, parang Megamall tuwing Sabado. Totoo ring hindi malaman ng mga dayuhan, kung ang dalawang pilang inanunsyo, isa para sa kalakihan at isa para sa kababaihan, instingto ng dalawang taong buhay-Saudi. Nguni't ang apat na katauhang nasa likod ay hindi pa rin tumayo. Hipo nang hipo ng kanilang mga *duty-free bags* at kung anu-ano pa, hanap nang hanap ng kanilang mga papeles, bukas-sara at bukas-sara ang

kanilang mga maleta, maliban kay Perlita na pulang-pula ang mga mata, wala naming tinititigan.

Biglang dumaing muli ang babae.

“Hindi ako maaring umuwi. ‘Di ako sasama sa inyo, hinding-hindi. Bilang-awa nyo nang lahat, iwanan nyo na ako sa Saudi. Hindi ako uuwi sa Samar.”

“Ssst, Perlita, ‘manahimik ka na, Perls, anak, uuwi tayong lahat. Pangako kong tumira sa amin sa Sampaloc at doo’y magpahinga muna,” sabi ni Mrs. Kanan.

“HINDI! HINDI AKO UUWI!”

“Perlita, tama nang ingay mo, manahimik ka na”, boses ni Mr. Mama na may dalang galit ang maririnig.

“Tumahimik ka na, Perls, *please*,” sabi ni Miss Kaliwa. “*Please* na lang.”

“Lahat na’y tumitingin sa atin, Perls. Huminto ka nang umiyak,” wika ni Mrs. Kanan. “Anak, paki-usap na lamang.”

“Perlita,” boses muli ni Mr. Mama na ngayo’y kabuohan na ng kapangyarihan, “tayo’y uuwi lahat, ikaw, ako, si Mother Lily at si Teresing. Tayong lahat. At narito kaming handang-handang umalalay sa iyo, dito at hanggang sa Catbalogan pa.”

“Bakit gagawin nyo pa po iyon, hindi naman tayo’y kamag-anak lahat! Nakilala ko lang kayo sa *compound* natin sa Riyadh.”

“Perlita, makinig ka sa akin. Huminto ka nang umiyak at ako’y punong-puno sa drama mo!”

“Patawarin mo na ako, Manong Berting. Ako’y isang masamang babae, isang babaeng walang hiya! Hindi tama na ako’y sumama sa inyong lahat, babeng walang puri, babaeng kapos ang dangal!”

Ang lahat na’y tumingin sa kanilang apat, tahimik na pinagmasdan ang nangyayaring kaganapan sa likod, parang dulang pang-entablado. Ilarawan mo na lang – tatlong babae at isang lalaki puno ng katangungan, subali’t sa sarili nila’y wala namang kasagutan. Tila binubukang kurtina para sa isang dula ni Federico Garcia Lorca.

“Needles and thread for women, whiplash and mules for men.”¹

“They’re women without men, that’s all; and in such matters, even blood is forgotten.”²

Panatiling naka-upo pa rin ang mga ito. Niyakap ni Teresing si Perlita, pinahiran ng Kleenex ang tumutulong luha.

“Es preferable no ver a un hombre nunca. Desde niña les tuve miedo.”³

Kinausap ni Mother Lily si Manong Berting. Tumayo si Berting, pumunta sa kawnter at kinausap ang natirang *airline clerk* ng Emirair.

“Perlita, anak, bilang-awa mo na, ako’y tumiwala sa iyo sa simula’t sapol, noong mula tayong makilala. At binalik mo rin ang tiwala ko. Binilang mo akong nanay-nanayan dito at sa kabila ng lahat, itinuring na anak na walang kundisyon kung anu-ano pa man. Sa lahat ng panahon, ngayo’y mahalagang tumiwala sa akin muli at makinig ng payo. Perlita, tayo nang umuwi. Narito ako, nanay mo. Nasa *final boarding call* na, Perls, kaya’t tumayo na tayong lahat.”

¹ Wika ni Gng. Bernarda Alba, nililiwanag ang papel ng kanyang mga dalaga, ni isa’y wala pang nobyo.

² Sumang-ayon ang tiyahin ng mga dalaga.

³ Kahit noon pa ma’y simula’ pagkabata, ako’y takot sa kalalakihan at hindi ko sila pingamasdan. (salin)

“Nais kong bumalik sa bilangguan! Sa bilangguan ang tunay kong tahanan!”

Ang natirang pasahero, pito o walo, biglang huminto’t tumalikod, at nakanganga.

Niyakap ni Manong Berting si Perlita, parang ito’y tinangkang patahimikin. Nguni’t isang matunog na sigaw na may dalang tili ang kanyang hinarap. Pinuwersang hiniwalay ni Mother Lily ang malaking lalaking si Berting at niyakap ang anak-anakan niyang si Perlita.

“Ako’y masamang babae, ako’y babaeng walang puring anuman, sapagkat, totoo ang sinabi nilang lahat. Sinaksak ko siya, Dyos ko po’t patawarin nyo ako, sinaksak ko siya!”

“Que mujer!”⁴

Laking gulat ang isinulat sa mukha ng walong natirang pasahero. Nguni’t lumapit ang Emirair *agent* at kinalabit ang mga ito na tumuloy na sa abyon, parang sinasabing wala nanam silang kinalaman sa nagaganap. Sa noo niya’y ipinatik, *“Guys, it’s none of your business.”*

“Ssst, sssst, tena Perls, tama na iyan. *Final boarding call* na’t tayong pinakahuli,” wika ni Mother Lily. Hinila ang kamay nito at itinulak naman ni Teresing sa likod.

“Merry Christmas, Perls, at sa wakas tayo’y uuwi na”, ngumiti si Manong Berting, ngiting tapat at taal bunga ng espiritung kapaskuhan.

Tumayo rin si Perlita, na may malalim na hingal, at sa iilang saglit, tuyo ang mata sa luhang umagos nang higit na kalahating oras. May dalawang

⁴ Anong uri ng babaeng ire! (salin).

ground personnel na lumapit sa kanila, sumenyas na panahon nang pumasok sa eroplano. Isa sa kanila may dalang basong tubig at inabot kay Perlita. Kinuha ito ni Manong Berting at binigay niya naman sa babae. Ininom ni Perlita na parang isda, malinaw sa kanyang mata na hindi pa pinawi ang kanyang uhaw. Pagkakita nito, inabot ni Teresing ang kanyang *mineral water* at inilaan muli ito sa kaibigang tila'y yumapa na rin sa wakas. Ininom ni Perlita uli ito, uhaw na parang tatlong araw na ipinagbilad sa Rub'al Khali, ang malaking diseryto sa Saudi na makita sa kalagitnaan ng kaharian. Mahinahon itong inalayan ng dalawang kaibigan, ginabayan parang *angel de la guardia* sa kanilang piling. Nguni't sa pintuan ng abyon mismo'y sila'y naabala, dulot ng iilang paseherong naghahanap pa ng bakanteng *overhead bins*.

Huling pumasok si Manong Berting. May isang Filipinang *attendant* na lumapit sa kanya at ibinulong, "Ininom ba?"

Tinaas ni Berting ang noo at nagsalita, "Mananahimik ho kaya tayo ng iilang oras?"

"Anim o kaya'y pito, *in time* lang pagkalampag natin sa Bangkok."

Kuntil-buntil ang apat na naghanap ng kanilang upuan, bumukas ng may bakanteng lagayan sa itaas, senyas dito at senyas doon, lingon sa harap at likod, na hindi naman tumingin kanino man, bunga ng kanilang pinagdaanang hiya. Sa wakas ay nakita rin nila ang *assigned seats*. Ang tatlong babae umupo sa isang hilera sa gitna ng kamarote, at napahiwalay ang lalaki ng dalawang bilang sa likod. Kinuha ni Mother Lily ang bintana, si Perlita sa gitna, at sa pasilyo naman umupo si Teresing.

Humari ang nakakapangilabot na tahimik sa kamarote, maliban sa mahihinang boses ng mga FA, na may apat na Filipino, dalawang babae at dalawang lalaki. Sumangguni ang mga ito sa isa't-isa sa likod ng eroplano, salitang ipinaghalo ang wikang Inggles at Arabo. Pagkatapos ng limang minuto, inabala nila ang sarili sa trabahong pangkariniwang ginagawa: tiningnan ang mga *seat belts*, namigay ng diyaryo, pumuwesto sa kanilang itinakdang pook, at humanda para sa *boarding instructions*. Sa *speakers* marinig ang boses ng kapitan na bumati sa kanyang pasahero, talumpating pormula na wala namang nakikinig. At sa mga sandaling yaon, bumukas ang mga *television panels*, humugong na parang sangkatutak na bubuyog sa hangin sa bubong.

Nang bumaba ang *television panels*, pumalakpak ang mga pasaherong nasa loob ng abyon, ugaling madalas na makikita sa mga Pinoy-Sauding umuuwi sa kanilang bayan pagkatapos ng kanilang dalawang taong kontrata. Ngumitang ang mga tripulante, Arabo man o kaya'y Filipino, sanay na sa kagawiang ito. Sa lahat ng panaho'y nangyayari hayun at alam na rin ng mga tripulanteng humanda ng San Miguel sa mga kalalakihan. Kung pormula man ang talumpati ng kapitan at ng mga tripulante, gayundin ang kagawian ng mga Pinoy na umuuwi sa Maynila.

"Merry Christmas, Merry Christmas!"

"Maligayang Pasko sa lahat!"

Mala-pyestang pagdiriwang sa loob. Nagsitagayan ang mga kaibigan, eksenang parang isinabuhay muli ang isang eskinita ng Maynila o kung saan pa

man sa Filipinas. Sa isang saglit din, tumahimik ang pangkat ng mga pasahero, tahimik na parang ahas na umukay-ukay sa biglang-dilim ng kamarote.

“Sangre en las manos tengo de fregarle todo.”⁵

Pagkatapos ng huling inspeksyon nga mga *seatbelts* sa isang tripulateng Araba na nanggaling sa harap, lumitaw naman muli ang boses ni Perlita. Ito’y tinig na ubod ng kapaguran, kinontra ang antok sa sarili niyang tiyak na unti-unting lumulunod ng kanyang malay.

“Ayokong umuwi sa Pinas! Ayaw kong umuwi sa ating bayan! Makinig kayong lahat, mga kababayan. Mga kapwa kong Filipino, totoong sinaksak ko si Al-Omani sapagka’t ako’y kanyang ginahasa! Masama ba akong babae buhat dito? *People of the Philippines, I’m asking you*, masama bang babae si Perla Capus Pais nang ipinagtanggol niya ang mismo niyang puri? Di ba ipinagtanggol niya rin ang dangal ng kanyang Inang Bayan?”

Laking gulat ang bumati sa buong abyon. Halos lahat ng kalahating pasaherong nasa harap ay tumayo’t tumalikod, tiningan ang babaeng pinagkaitan ng loob. Kundi sa kanilang *seatbelts*, iilan nito’y ibig pang umusyosyo at lumapit. Subali’t mas matulin at malinaw ang senyas at salita ng mga tripulante: *“Sit down, sit down. Please fasten your seatbelts. Calm down please, everyone!”*

Hindi na mapigilan ni Mother Lily ang sarili. Bumitaw ang kagandahang-loob sa hangin. Lumipad ang awa sa himpapawid. Sinampal niya si Perlita ng kanyang kanang kamay at ito’y nahulog sa pasamano ng upuan ni Teresing. Nguni’t sa huling sandali naabutan ito at niyakap ang kaibigan niyang matalik,

⁵ Hinugasan kong maigi ang dugong dumikit sa aking mga kamay”. (Salin ng salita ng katulong).

muli sa takot na kung ano pa mang lalabas sa dulo ng kanyang dila. Tiningnan ni Teresing si Perlita na sa ngayo'y ipinangligo ang sariling luha. Sa magkabilang panig, maririnig ang pinipigil na iyak ni Teresing at Mother Lily.

Pinagmasdan muli ng dalawa si Perlita nguni't ito'y tumahimik, resulta ng sedatibong pina-inom sa kanya ng *air agent* bago silang umakyat. Lumapit ang isang Filipinang FA at kinumusta ang dalawang kababayan. Tinanong sa salitang Arabo kung kailangan pa nilang tumulong, sa akalang ito'y hindi maunawaan ng kaibigang nawalan ng malay at nasiraan ng bait. Kung sa totoo lang ay halos lahat (kundi man siyento porsyento) ng mga Filipinong naka-destino sa Gitnang Silangan makakapagsalita ng wikang Arabo.

Asiwang nagsipahiran ng luha ang makaibigan, parang nanalangin sa harap ng dibulto ng Mahal na Birhen na makakita sa kaliwang pasilyo ng simbahang Quiapo.

Samantala, pumuwesto muli ang mga tripulante, umaksyon nang de-numero na mahahagilap sa kanilang *training manual*.

*“Criada: Comer es necesario para vivir.”*⁶

⁶ Katulong: Upang bumuhay ay kailangang kumain. (salin).